



Filipino

الفلبينية

دليل المسلم الجديد، ما هو الإسلام؟

**Manwal ng isang
Bagong Muslim**
Ano ang Islam?

Syaikh Dr. Haitsam Sarhan

رِسَالَةٌ مُخْتَصَرَةٌ بِعُنْوَانٍ:
«كَيْفَ أَدْخُلُ فِي الْإِسْلَامِ؟»
مُتَرْجَمَةٌ إِلَى اللُّغَةِ: الْفِلِيبينية (تجالوج)
«Papaano ako papasok sa Islam?»

إِعْدَادُ الْفَقِيرِ إِلَى عَفْوَرِيَّة:
هَيْثَمُ بْنُ مُحَمَّدٍ سَرْحَان

المُدَرِّسُ بِمَعْهَدِ الْحَرَمِ بِالْمَسْجِدِ النَّبَوِيِّ - سَابِقًا - وَالْمُشْرِفُ عَلَى مَعْهَدِ السُّنَّةِ

<https://mahadsunnah.com/>

غَفَرَ اللَّهُ لَهُ وَلِوَالِدَيْهِ وَلَمَنْ أَعَانَهُ عَلَى إِخْرَاجِ هَذَا الْكِتَابِ

قَامَ بِتَرْجَمَتِهَا: فِيرْنَان دِيلَا كُرُوزْ جُورَادُو - وَفَّقَهُ اللَّهُ وَسَدَّدَهُ -

الطَّبْعَةُ الْأُولَى

[حَقُوقُ الطَّبْعِ مُتَّاحَةٌ لِكُلِّ مُسْلِمٍ بِدُونِ أَيِّ تَغْيِيرٍ فِي الْمَحْتَوَى]



Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain

Katanungan:	Kasagutan:
Ang pagpasok ba sa Islam ay madali?	Oo; ito'y hindi kinakailangan ng tagapamagitan at ritwal.
Kinakailangan ko bang madaliin ang pagpasok sa Islam? O ito'y aking ipagpaliban sa mas mainam na oras, o tapusin muna ang ilan sa aking problema?	Nararapat na ito'y madaliin, at huwag ipagpaliban; dahil walang maidudulot na mabuti ang pagpapaliban ng pagpasok sa Islam; dahil ikaw ay maaaring abutan ng kamatayan sa anumang oras, at ang pagpasok sa Islam ay negosyong walang pagkalugi at pagkatalo, at kapag ikaw ay mas maagang magsimula mas marami kang tagumpay na makukuha.
Ano ang nararapat gawin ng taong nais pumasok sa Islam?	Kinakailangan lamang niya na sambitin ang: "Ash-hadu an laa ilaha illallah, wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluhu" .
Sa anong wika niya ito kinakailangan sambitin?	Maaari niya itong sambitin sa kahit anong wika na kanyang alam, at hindi kondisyon na ito'y kanyang sambitin sa wikang Arabik.
Ito ba ay kanyang sasabihin habang hindi niya naiitindihan ang kahulugan nito?	Hindi, kailangan na kanyang naiitidihan ang kahulugan nito, pananampalataya at pagtugon sa kahulugan na pumapaloob sa salitang ito.
Ano ang ibig sabihin ng "Ash-hadu"?	Ito'y nangangahulugan na: "Ako'y sumasaksi at umaamin ang aking puso, binabanggit ng aking dila, at isasagawa ng aking katawan".





Katanungan:	Kasagutan:
Ano ang ibig sabihin ng “Laa ilaha illallah”?	Ibig sabihin ay: “Walang diyos na nararapat sambahin maliban sa Allah”.
Ano ang ibig sabihin ng “Anna Muhammadan Abduhu wa Rasuluhu”?	Ito’y nangangahulugan na: “Siya ay alipin na hindi dapat sambahin, siya ay Sugo na hindi dapat itakwil. Ang pagsaksi na ito’y kinakailan na: siya ay paniniwalaan sa mga gabay na kanyang ibinabalita, siya ay susundin sa kanyang mga ipinag-uutos, lalayo sa kung ano ang kanyang ipinagbabawal, at tatahakin ang landas ng kanyang katuruan, gagawin siyang huwaran at modelo.
Ito ay malinaw ko nang naiintindihan, ano na ang kailangan kong gawin?	Inyong uulitin ang aking sasabihin: “Ash-hadu an laa ilaha illallah, wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluhu”.
Ako ba ay isang Muslim na?	Oo, ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ito’y karangalan galing sa Kanya para sa iyo.
Ano ang iyong mapapayo sa akin bilang isang Muslim?	Ang aking mapapayo sa iyo ay manalangin sa Allah na ikaw ay Kanyang panatiliin sa relihiyong Islam, at iyong piliin ang mabubuting kinakasama at kaibigan; upang ikaw ay kanilang matulungan para dito, at iyong pag-aralan ang Islam, at iyong itago muna pansamantala habang hindi ka pa malakas.
Ano ang pinakamainam na panalangin?	“Ihdinas Siratal Mustaqim”(Kami ay Inyong gabayan (O Allah) sa iyong landas) [Al-Fatihah].





Katanungan:	Kasagutan:
Ano ang pinakamadaling pag-alala sa Allah?	Ang pinakamadaling pag-alala sa Allah ay: “Bismillah” (Sa ngalan ni Allah), ito’y sinasabi sa tuwing papasok o lalabas ng tahanan o bahay dasalan, at sa tuwing magbabasa ng Quran, bago pumasok ng palikuran, bago hubarin ang iyong damit, bago kumain at uminom....at iba pa.
Papaano ang mga kasalanan na aking nagawa bago ako pumasok sa Islam?	Binubura ng Islam ang mga naunang kasalanan, maliban sa mga kasalanan natin sa ibang tao; ito’y kinakailangan na maibalik sa mga nararapat na tao.
Ano ang kailangan gawin pagkatapos ng “Shahadah”?	Kinakailangan mong maligo.
Ano ang dahilan bakit kailangan kong maligo?	Una: Nararapat na sanayin ng isang Muslim na huwag magsabi ng “Bakit?”, at kanyang sabihin (Aming narinig at aming sinunod)[Al-Nur: 51]. Pangalawa: Ito’y bilang paglilinis ng iyong panglabas na katawan, katulad kung papano naging malinis ang iyong panloob na kaluluwa.
Paano ako maliligo?	Ikaw ay mag-iintensyon ng paglilinis sa iyong puso, at ikaw ay magsasabi ng “ Bismillah ” (Sa ngalan ni Allah), pagkatapos ay babasain mo ang kabuuan ng iyong katawan.
Ano ang aking gagawin pagkatapos maligo?	Hintayin ang pagpasok ng oras ng dasal, upang ikaw ay magdasal.





Katanungan:	Kasagutan:
Ako'y nahihirapan na magsagawa ng dasal (Salah); dahil mayroong pumapaloob dito na mga salita at gawa na hindi ko lubos maintindihan?	Ang Islam ay relihiyon ng pagpapadali, at hindi pagpapaghirap, pagpapasalamat sa Allah.
Paano ako magdadasal "Salah"?	Kailangan na ikaw ay tumutok sa Salah, ikaw ay maaaring sumabay sa akin habang nagdadasal, o ikaw ay manood ng pamamaraan ng Salah, ito'y iyong matatagpuan sa ibat ibang wika sa Mahad Sunnah (tignan ang mga link sa dulo).
Ano naman ang kasunod pagkatapos ng Salah?	Kinakailangan mong alamin at pag-aralan ang limang haligi ng Islam, pagkatapos ay anim na haligi ng Iman (pananampalataya), at iyong ipagpatuloy hanggang sa malaman mo lahat ng makakatulong sa iyong relihiyon at pananampalataya.
Ano ano ang mga website na iyong maipapayo na aking pasukin upang pag-aralan ang Islam?	Pasukin mo ang mga website ng mga malalaking iskolar, at mga samahang nagpaparating ng Islam (Jalyat) sa loob ng Saudi Arabia.
Papaano ako makikitungo sa mga kamag-anak ko na hindi pa Muslim?	Ikaw ay makikitungo sa kanila kung paano nakitungo ang Propeta Muhammad (suma kanya nawa ang kapayapaan ni Allah) sa mga hindi mananampalataya, siya ay nag-anyaya sa kanila patungo sa Islam sa pamamagitan ng kanyang dila, magandang pag-uugali at pakikitungo.





Katanungan:	Kasagutan:
Mayroong mga tao na nais nila pasukin ang relihiyong Islam, subalit ayaw nilang itong ipaalam sa kanilang pamilya, ano ang hatol dito?	Hindi kinakailangan sa isang tao na pumasok sa Islam na kanyang ipagpaalam ang kanyang pagyakap sa Islam, ito'y ugnayan sa pagitan niya at kanyang Panginoon.
Ano ang pinakamainam na babasahin tungkol sa Islam?	Ang pinakamainam na libro o aklat sa Islam ay ang salita ni Allah, ang Banal na Quran.
Ano ang ilang mahahalagang kabanata sa Quran?	Ang pinakamahalagang kabanata sa Quran ay ang Surah Al-Fatihah, kaya ito ay ating binabasa kada tayo sa ating Salah.
Ano ang pinakadakilang talata sa Quran?	Ang pinakadakilang talata sa Quran ay ang "Ayatul Kursi".
Papaano ko babasahin ang Quran?	Sa pamamagitan ng pag-intindi sa kahulugan nito, pakikinig paano ito basahin (Tilawah); katulad ng pagbasa ni Sheikh Al-Hudhayfi, Al-Husari, at iba pa.
Papaano ko maiintidihan ang kahulugan ng Quran?	Ito'y iyong maiintidihan sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga libro sa pagpapaliwanag ng mga kahulugan nito (Tafaseer) na mga naisulat ng mga kilalang iskolar.
Saan ko matatagpuan ang "Tafseer" (pagpapaliwanag sa kahulugan) ng Quran?	Mapapayo ko na iyong tignan ang Muja'mma' na nagpiprint ng kopya ng Quran sa Madinah Munawwarah.
Ano ang iyong mapapayo na aking babasahin	Ikaw ay magbasa ng mga awtentik na Hadith (salita ng Propeta Muhammad





Katanungan:	Kasagutan:
pagkatapos na mabasa ko ang Quran?	suma kanya nawa ang kapayapaan ni Allah).
Ano ang pinakamainam na libro na nagtipon ng mga awtentik na Hadith?	Ang “Saheeh Al-Bukhari” ang pinakamainam na libro para sa Hadith, ito’y napagkasunduan ng mga maaalam. (tignan ang link sa dulo para ma-download ang libro).
Ano ang unahing mainam na Hadith ng Propeta Muhammad (suma kanya nawa ang kapayapaan ni Allah)?	Ito ay ang Hadith ni Jibreel (kapayapaan ni Allah ay mapasakanya), at ito’y naglilinaw sa tatlong antas ng relihiyon: Islam, Iman, Ihsan.
Ako’y natatakot na baka hindi ko mapag-aralan ang Islam?	Huwag kang mag-alala; at ikaw ay magtiwala sa Allah, tutulungan ka ni Allah sa iyong tatahakin. Ang Islam ay madali, nawa ikaw ay pagpalain ni Allah. Ikaw ay maaaring mag-aral sa aming libreng pag-aaral (online) sa aming Mahad Sunnah (tignan sa dulo ang link). Bilang pagtatapos, ibibilin ko sa iyo ang salita ng Propeta (suma kanya nawa ang kapayapaan ni Allah) at kanyang sinabi: “Ikaw ay magpursige sa mga may pakinabang sa iyo, humingi ng tulong sa Allah, at huwag kang titigil”.





Mga link ng aming tsanel sa Mahad Sunnah:

Mahad Sunnah

<https://sarhaan.com/>

Facebook

<https://www.facebook.com/profile.php?id=100032786845734>

Telegram

<https://t.me/filipinohaytham>

Instagram

<https://twitter.com/sarhanhaythem?s=21&t=BVV6VjyI3UjDOZ9CxSGEWg>

Twitter

<https://twitter.com/sarhanhaythem?s=21&t=BVV6VjyI3UjDOZ9CxSGEWg>

Youtube

<https://www.youtube.com/@philippinesunnahinstitute>

Mga Libro

<https://sarhaan.com/a/filipino-%d9%81%d9%84%d9%8a%d8%a8%d9%8a%d9%86%d9%8a-%d8%a7%d9%84%d8%aa%d8%ba%d8%a7%d9%84%d9%88%d8%ba-tagalog/>



3 Ang mga klase ng Tawheed

Kaisahan ni Allah ﷻ sa Kanyang pagkadiyos, sa pagsamba sa Kanya, at sa Kanyang pangalan at katangian.

At ito ay tatlong klase

Tawheed Al-Asmaa wa Al-Sifaat

Ito ay kaisahan ni Allah ﷻ sa kung ano ang pangalan at katangian na Kanyang binanggit sa Kanyang libro, at kung ano ang binanggit ng Propeta Muhammad ﷺ, at pagpapatunay sa kung ano ang ipinahayag ni Allah mula sa mga pangalan at katangian, at pagtangg sa kung ano ang tinanggi dito na walang kasamang pagbabago, pagtangg, paglalarawan, at paghahalintulad.

Tawheed Al-Uluhiyah

Ito ay kaisahan ni Allah ﷻ sa pagsamba ng Kanyang mga alipin.

Tawheed Al-Rububiyah (pagkapanginoon)

Ito ay kaisahan ng Allah ﷻ sa Kanyang kapangyarihan, at ito ay sa Kanyang paglikha, kaharian, pangangasiwa.

Ang tatlong antas ng relihiyon

Ihsan

Ito ay sambahin mo si Allah ﷻ na parang siya ay iyong nakikita at dahil hindi mo siya nakikita pero alam mo na ikaw ay Kanyang nakikita.

Ito ay may isang haligi at may dalawang antas:

- 1-Pagsamba na parang siya ay iyong nakikita.
- 2-Pagsamba na alam mo na ikaw ay Kanyang nakikita.

Iman (Pananampalataya)

Ito ay pagsambit sa dila, paniniwala sa puso, at pagkilos sa katawan, nadadagdagan sa pamamagitan ng pagsunod, at nababawasan dulot ng kasalanan.

Ang mga haligi ng Iman:

- Paniniwala sa:
- 1-Allah ﷻ.
 - 2-Mga Anghel.
 - 3-Mga ibinabang aklat.
 - 4-Mga ipinadalang sugo at propeta
 - 5-Araw ng Paghuhukom.
 - 6-Tadhana (ito man ay may kabutihan at kasamaan).

Islam

Ito ay kumpletong pagsuko para sa Allah ﷻ sa Kanyang kaisahan, kasama ang pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos, at pagtalikod sa pagtatambal, at kung sino ang nagtatambal.

Ang mga haligi ng Islam: 5

- 1-Shahadatayn (Dalawang pagsaksi)
- 2-Pagtayo ng palagiang pagdarasal.
- 3-Pagbibigay ng Zakat (Kawanggawa)
- 4-Pag-aayuno sa Ramadhan.
- 5-Pagsasagawa ng Hajj sa kung sino ang may kakayahan.

4 Ang mga klase ng mga ipinagbabawal

Mga malilit na kasalanan

(At ito ay mga kasalanan maliban sa mga malalaki)
Ang malaking kasalanan ay mapapatawad kapag ito ay ihiningi ng kapatawaran, at ang maliit na kasalanan ay nagiging malaki kapag ito ay parating ginagawa, sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Kayo ay lumayo sa mga malilit na kasalanan; dahil ito ay naiipon hanggang makakasira ng isang tao)

Mga malalaking kasalanan

(Lahat ng kasalanan na may nabanggit na partikular na parusa)
Katulad ng mahika, pagsuwat sa magulang, pangangalunya, pag-inom ng alak, pagnanakaw, paninirang puri, pagpatay sa taong ipinagbabawal patayin ni Allah, maling pagkuha ng mga kayamanan ng mga ulila.

Maliit na pagtatambal

(Hindi lalabas sa relihiyong Islam, at mas higit kaysa sa mga malaking kasalanan) Katulad ng pagsabi ng: "Kung papahintulutan ni Allah at ikaw", pagsumpa maliban sa Allah, maliit na pagpapakitang tao, pagsuot ng agimat, pagkakaroon ng maling hinala, at paniniwala sa hindi totoong epekto na ibinibigay ng mga anting-anting (na ito ay nagliligtas o nagtatanggal ng kapahamakan).

Malaking pagtatambal

(Lalabas sa relihiyong ng Islam, at hindi mapapatawad kapag namatay sa ganitong gawain)
Katulad ng pananalangin sa Allah ﷻ ganun rin sa pagkatakot pagtitiwala at pagmamahal.


Pamamaraan ng pagwu-Wudhu'

Maglayon ng pagsasagawa ng Wudhu' sa kanyang puso, pagkatapos sabihin ang: BISMILLAH, pagkatapos ay hugasan ang dalawang kamay.



1

Pagkatapos ay kumuha ng tubig gamit ang kanang kamay at magmumug mula dito, pagkatapos ay sisinghot ng tubig at ito din ay ilalabas, uulitin ito nang tatlong beses.



2

Pagkatapos ay hugasan ang mukha ng tatlong beses, ang kabuohan ng mukha ay mula sa tubuan ng buhok sa ulo hanggang sa balbas, at sa pagitang ng dalawang tainga.




3

Pagkatapos ay hugasan ang kamay hanggang siko ng tatlong beses, kanang kamay ang mauuna pagkatapos ay kaliwa.



4

Pagkatapos ay punasan ang ulo, dadaan mula sa ulunan hanggang batok pagkatapos ay ibalik ito tungo sa bandang ulunan.



5

Pagkatapos ay ipasok ang hintuturo sa tainga at punasan ang labas ng tainga gamit ang hinalaki.



6

Pagkatapos ay hugasan ang paa hanggang bukong-bukong nang tatlong beses.



7

- Hukom (o hatol) sa anumang idadagdag sa mga isinabatas

Hindi maaari na magdagdag sa anumang isinabatas patungkol sa wudhu, tulad na lamang nang lagpas sa tatlo ang paghuhugas, o ang paghugas lagpas sa siko, o lagpas ng bukong-bukong, o ang pagpunas ng batok.



8

- Pagkatapos maisagawa ang Wudhu' kanyang sasambitin :

((ASH-HADU AN LA ILAHA ILLA ALLAH WAHDAHU LA SHAREEKA LA, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABUDHU WA RASULUHU)) at sa ulat ni Imam Tirmidhiy : ((ALLAHUMMAJ ALNIY MINAT TAWWABIINA WAJ-ALNIY MINAL MUTATAHHIRIIN)).

9

- Nawaqid (mga nakakasira) ng Wudhu' :

- 1- Ang mga lumabas sa dalawang labasan. Katulad ng ihi o dumi o hangin.
- 2- Pagkawala ng pag-iisip o ulirat sanhi ng pagkatulog o iba pa.
- 3- Pagkain ng karne ng kamelyo.

10

Pamamaraan ng pagta-Tayammum

Tayammum : Ito ang pamalit sa paglilinis gamit ang tubig, kapag mayroong dahilan para hindi magamit ang tubig sa katawan o sa ibang mga bahagi nito dahil sa kawalan ng tubig o takot na makapinsala ang paggamit nito, kaya't hahalili ang lupa sa paggamit ng tubig.

1

Magsasagawa ng niyah (intensyon) para sa Tayammum, pagkatapos ay sabihin ang ((BISMILLAH)), pagkatapos ay ihampas ang kamay sa lupa ng isang beses, pagkatapos ay ipunas sa mukha at ibabaw ng kamay.



2

Hindi na isinabatas na paghiwalayin ang mga kamay habang inihahampas ang kamay sa lupa, kahit ang pagpunas sa mga daliri habang pinupunasan ang kamay.



3

Pamamaraan ng Obligadong Pagligo (Ghusl)

Maglayon ng pagsasagawa ng Ghustl sa pamamagitan ng puso, at sabihin ang BISMILLAH nang palihim, pagkatapos, buhusan ang buong katawan pati ang kailaliman ng buhok - makapal man ito o manipis - sa pamamagitan ng tubig, kasama na ang pagmumug at pagsinghot.

1

- Ang mga dahilan upang maging obligado ang Pagligo :

- 1- Aljanaabah: ito'y kapag may lumabas na semilya sanhi ng pagtatalik man o iba pang kadahilanan.
- 2- Paglabas ng dugo ng Hayd o Nifaas.
- 3- Pagkamatay maliban sa Shaheed (namatay sa pakikipagdigma).
- 4- Kapag nag-Muslim ang isang hindi nanampalataya.


2



Inihanda ni : **Dr. Haytham Sarhan**, Guro sa Masjid Nabawi at tagapangasiwa ng (Mahad Sunnah : « mahadsunnah.com »)


Ang karapatang magpalathala, pamamahagi ay bukas para sa sinuman. Para isalin ang brochure bisitahin ang: sarhaan.com o l-scan ang barcode.

Pagkatapos maisakatuparan ang mga Kondisyon ng Salah, kanyang sasabihin ang ((ALLAHU AKBAR)) - kasabay nito ang pag-taas ng dalawang kamay habang lapat ang mga daliri - hanggang sa talinga o balikat, at ang kanyang palad ay nakaharap sa Qiblah.



3

Pagpantayin ang pagitan ng dalawang paa katulad sa pagitan ng dalawang balikat nang walang labis at walang kulang, at ituwid ang nasa bandang labas ng dalawang ito.



2

Tumingin sa lugar kung saan ka magsasagawa ng Sujud, at huwag pailungin-lingon.



1

Sunnah na magdasal ang Imam at Munfarid sa harapan ng Sutra, Ang Sutra ng Imam ay Sutra para sa sinumang nasa likod niya.



- **Mustahabb** (kaibig-ibig) na basahin ang panalangin sa Al-Ishti'aa sa unang Raka'ah lamang, at mainam din na basahin ang iba't ibang panalangin na naiulat hinggil sa Al-Ishti'aa.

Sabihin ang: ((SUBHANAKA ALLAHUMMA WA BIHAMDIKA WA TABARAKAS-MUKA, WA TAALA JADDUKA, WA LA ILAHA GHAYRUKA)).


- Pagkatapos ay sabihin ang Al-Ishti'adha katulad ng naiulat: ((AUDHU BILLAHI MINASH-SHAYTANIR-RAJEEM)).

- Pagkatapos sambitin ang Basmalah, at basahin ang Al-Fatihah (talata, salita, letra, at markang patling nito) nang maayos at tama.

(1) BISMILLAAHIR-RAHMAANIR-RAHEEM (2) ALHAMDULILLAAHI RABBIL AALAMIIN (3) ARRAHMAANIR RAHEEM (4) MAALIKI YAWMID DIIN (5) IYYAKA NA'BUDU WA IYYAKA NAS TA II'N (6) IHDINAS SIRAATAL MUSTAQIIM (7) SIRAATAL LADHIINA AN AMTA ALAYHIM GHAYRIL MAGHDUUBI ALAYHIM WALAD DAA-L LUIN

- Pagkatapos ay magbasa ng abot-kaya mula sa Qur'an; ito'y kaibig-ibig subalit hindi na kailangan pang sambitin ang Al-Ishti'adha at sambitin ang Basmalah sa unhang ng mga Surah lamang.

Pagkatapos ay ilalagay ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay at ang bisig at braso ay nakalatag ((sa kanyang dibdib)) o nakahawak.



4



7


- Pagkatapos kasabay ng pag-angat mula sa Ruku' at bago ang paglayo nang matuwid, kanyang sasambitin ang: ((SAMI-ALLAHU LUMAN HAMIDAH)) habang itinalaas ang dalawang kamay hanggang talinga o balikat.

- At lapag nakatayo na nang matuwid kanya namang sasambitin: ((RABBANA WA LAKAL HAMD)). at kaibig-ibig na magdagdag pa tulad ng naiulat hinggil rito.

- Pagkatapos ay sasambitin ang Takbir: ((ALLAHU AKBAR)) nang hindi na itinalaas pa ang dalawang kamay at pagkatapos ay magsagawa ng Sujud gamit ang pilong bahagi ng katawan: ito'y ang noo kasama ang ilong, dalawang palad, dalawang tuhod, at ilalim ng daliri ng dalawang paa.


- At paghiwalayin ang pagitan ng dalawang kilil-kilil, pati na rin sa pagitan ng tiyan at hita, at pagitan ng hita at binti, at langat ang kanyang dalawang braso mula sa lupa

Pagkatapos ay itaas ang dalawang kamay tulad ng nasa Takbiratul Ihram at sambitin ang ((ALLAHU AKBAR)) at magsagawa ng Ruku', Pagkatapos ay hawakan ang tuhod, at huwa baluktutin ang bahagi ng siko, at ipantay ang likod sa ulo. At obligadong sambitin nang isang beses ang: ((SUBHAANA RABBIYAL ADHIM)) at kaibig-ibig na dagdagan nang anumang naiulat patungkol dito.




6

- Pagkatapos ay mag-Takbir at umupo sa kaliwang paa habang nakatayo ang kanyang kanang paa at ang ilalim ng mga daliri nito'y nasa lupa habang nakaturo naman sa qiblah ang mga daliri. Ilagay ang palad sa hita at sabihin ((ALLAHUMMAGHFIIR LIY)). Ganito ang pamamaraan ng pag-upo sa lahat ng paupo sa Salah liban sa pangatlong Raka'ah o pangapat sa pinakahuling Tashahhud dahil ang paraan ng upo dito'y tinatawag na Tawarruk; ilagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang binti.




9

- At sambitin ang: ((SUBHAANA RABBIYAL A'LA)) isang beses na obligado at kaibig-ibig na magdagdag pa tulad ng naiulat hinggil rito, at maaari rin na manalangin gamit ng kamahal-mahal na panalangin para sa kanya, subalit ang pinakamainam ay ang manalangin gamit ng anumang panalangin na naiulat hinggil rito.



8

Pagkatapos ay mag-Takbir at magsagawa ng Sujud katulad ng unang Sujud. Pagkatapos ay mag-Takbir at tumayo para gawin ang pangalawang Raka'ah, at gawin na lamang ang mga ginawa sa una Raka'ah liban na lamang ang Raka'ah sa pangalawa ay walang nang Takbiratul ihram at Dua Istiftaah.



10


- At kapag natapos na ang pangalawang Sujud siya ay obligadong upo para sa Aftashahhud.

- At kanyang ituro ang kanyang hintuturo, habang ipagdikit ang naiwang daliri nang pabilog, pagkatapos ay pagalawin ang hintuturo kapag nananalangin.

- Basahin ang Aftashahhud pagkatapos sundan ito ng Salat Ibrahimiyah ((ATTAHIYATU LILLAHI, WAS SALAWAATU, WAT TAYYIBAATU, ASSALAMU ALAYKA AYYUHAN NABIY WA RAHMATULLAHI WA BARAKAATUHU, ASSALAMU ALAYNA WA ALA IBADILLAHIS SALIHEEN, ASH-HADU AN LA ILAHA ILLA ALLAH WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUH. ALLAHUMMA SALLI ALA MUHAMMAD, WA ALA AALI MUHAMMAD, KAMA SALLAYTA ALA IBRAHIM, WA ALA AALI IBRAHIM, INNAKA HAMIDUN MAJID, WA BAARIK ALA MUHAMMAD, WA ALA AALI MUHAMMAD, KAMA BAARAKTA ALA IBRAHIM, WA ALA AALI IBRAHIM, INNAKA HAMIDUN MAJID))

- Humingi ng pagpapakupkop mula sa apat ((ALLAHUMMA INNIY AUDHO BIKA MIN ADHABI JAHANNAM, WA AUDHO BIKA MIN ADHABIL QABR, WA AUDHO BIKA MIN FITNATIL DAJJAL, WA AUDHO BIKA MIN FITNATIL MAHYA WAL MAMAAT)) at pagkatapos ay manalangin ng ninanais na panalangin, subalit ang pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((ALLAHUMMA AINNIY ALA DHIKRIKA WA SHUKRIKA WA HUSNI IBAADATIK)).

- Pagkatapos ay mag-Taslim nangg dalawang beses, mula sa kanan pagkatapos sa kaliwa, lilingon lang gamit ang ulo hindi kasama ang balikat at hindi pagagalawin ang ulo mula pataas at pababa, at huwag igagalaw ang dalawang kamay.





ANG SALITA NG ALLAH (ANG BANAL NA QURAN)

Sinabi ni Yahya bin Aktam: Si Ma'mun nung siya ay namumuno sa panahon nya, habang siya ay nasa pagtitipon para sa pagdebate, may Hudyo na pumasok kasabay ng maraming tao, siya ay nakadamit nang maayos, maaliwalas ang mukha, at siya ay mabango , at siya ay nagsalita sa maayos na tono.

-At pagkatapos nila sa pagtitipon, tinawag siya ni Ma'mun at tinanong: Ikaw ba ay mula sa Israel (Ikaw ba ay Hudyo) ?.

At siya ay sumagot: Oo.

-Ikaw ay pumasok sa Islam at gagawan kita ng bagay na mabuti (pinangakuan sya ni Ma'mun ng kabutihan).

-Sumagot ang Hudyo: Ito ang aking relihiyon at relihiyon ng aking mga ninuno (at ito ay umalis).

Isang taon ang lumipas at bumalik ang Hudyo at siya ay isang Muslim na.

-At ito ay nagsalita sa maayos na pamamaraan tungkol sa Fiqh,Hadith, at pagkatapos ng kanilang pagtitipon tinawag siya ni Ma'mun at sinabi: Hindi ba ikaw ang kinausap ko dati?

-At siya ay sumagot: Oo.

-Ang sabi ni Ma'mun: Ano ang iyong dahilan bakit ka nag Muslim?

-Ang Hudyo ay sumagot: Pakinggan mo ako habang dinadakila ang Allah, ako ay umalis nung araw na iyon at naisipan na subukan ang mga relihiyon, at maganda ang aking pagsusulat. Sumulat ako ng tatlong kopya ng Tawrah (Libro ng mga Hudyo) at ito ay aking binawasan at dinagdagan, pagkatapos ito ay pinasok ko sa kanilang simbahan, ito ay tinanggap nila at di tiningnan kung ito ay may mali.

At ako ay sumulat ng tatlong kopya mula sa Injeel (Libro ng mga Kristiano) at ito rin ay aking binawasan at dinagdagan, at pinasok sa kanilang simbahan at di rin nila ito tiningnan kung ito ay may mali.

At ito rin ay ginawa ko sa Quran (Libro ng mga Muslim) ako ay sumulat ng tatlong kopya, ito'y aking dinagdagan at binawasan at ito ay binigay ko sa kanila at sila ay nagsabi na hindi namin ito tatanggapin haggat di namin nababasa at nasusuri ng maayos, at nakita nila lahat ng mga mali. Nakita nila ang mga dagdag at bawas kaya't ito ay kanilang sinunog at muntikan ako patayin, dito ko nalaman na itong aklat na ito (Ang Quran) ay pinangalagaan ng Panginoon at ito ang dahilan bakit ako pumasok sa relihiyong Islam.

Ang Kawanggawa (Zakah) ay Dalawang Uri

1. Boluntaryo (Nafila): Ito ay tumutukoy sa anumang kayamanan o handog na ibinigay ng isang tao bilang isang dalisay o purong gawa ng pagsamba.

2. Obligado (Faridhah):
(At ito'y dalawang uri)

Zakat Al-Badan:

Ito ay ang Zakat al-Fitr. Obligado ito para sa bawat Muslim: bata o matanda, lalaki o babae, alipin o malaya.

Zakat Al-Maal:

Ang depinisyon nito ayon sa batas ng Islam: (Isang gawa ng pagsamba sa Allah na kinapapalooban ng pagbibigay ng isang bahagi ng kayamanan na itinakda ng batas para sa isang tiyak na uri ng tao o institusyon). Ito ang ikatlong haligi ng Islam, at nahahati ito sa apat na uri:

Ang dalawang uri ng salapi:



Ginto at pilak, at mga bagay na katumbas nito tulad ng pera at iba pa. Ang nisab (minimum na halaga) ng ginto ay 20 mithqal (85 gramo) at ang nisab ng pilak ay 200 dirham (595 gramo)

4

Kalakal



Ito ang lahat ng mga bagay na inilaan para ibenta o bilhin.

3

Mga ani mula sa lupa



Ito ang mga butil at prutas.

2

Al-Saima



Ito ang mga alagang hayop na kumakain ng damo sa loob ng halos buong taon o sa kabuuan nito. Ang mga hayop na ito ay kamelyo, baka, at tupa.

Mga karapat-dapat tumanggap ng Zakat:

Sila ay may kakayahang matustusan ang kalahati o higit pa ng kanilang mga pangangailangan. Halimbawa, kung tinatayang kailangan ng isang tao ng 12,000 para sa isang taon, ang mahirap ay maaaring may 6,000 o wala, habang ang Miskin ay may 6,000 o higit pa ngunit hindi umaabot sa 12,000. Binibigyan sila ng sapat upang magtagal ng isang taon dahil ang Zakat ay binabayaran taun-taon.

Ang mga (Masakin) 2

Sila ang mga nangangailangan na walang nakukuha na sapat na kabuhayan

Ang mga mahihirap 1 (Fuqara)

Sila ang mga tagakolekta, tagapag-ingat, at mga itinalaga sa paghahati nito. Sila ay itinalaga ng lider ng pamahalaan at hindi kinakailangang mahirap, kaya't maaari silang makatanggap ng Zakat kahit sila ay mayaman.

Ang mga nagtatrabaho 3 sa Zakat:

Sila ang inaasahang maging Muslim, o upang maiwasan ang kanilang pinsala, o palakasin ang kanilang pananampalataya.

Ang mga pinapalapit ang puso 4 (Muallaf)

Kasama rito ang mga mandirigma at ang kanilang mga kailangan, tulad ng armas at iba pa.

Para sa landas ng Allah (Fi Sabilillah): 7

Sila ay mga:
a- Muslim na alipin na gumagawa ng kasunduan upang mapalaya.
b- Ang pagpapalaya sa Muslim na alipin.
c- Ang Muslim na bihag.

Pagpapalaya ng alipin 5

Siya ay ang naglalakbay na naubusan ng pondo at binibigyan ng sapat na tulong upang makarating sa kanyang tahanan.

Ang estrangherong naglalakbay (Ibn Sabil) 8

a- Yaong may utang bilang paggagarantiya sa iba.
b- Yaong may utang para sa kanyang sariling kapakanan.

Mga may utang 6 (Gharimun):

Ang Pag-aayuno (Siyam) ay Dalawang Uri

Boluntaryo (Nafl):
Anumang bukod sa mga nabanggit na obligado.

Obligado (Wajib): katulad ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, pagtutubos ng kasalanan (Kaffarat), at mataimtim na pangako o panata (Nudhur).

Depinisyon ng Pag-aayuno (Siyam):

Ito'y pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkain, pag-inom at anumang nakakaputol ng pag-aayuno, magsisimula sa tunay na buwang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw.

Ang Dalawang Haligi ng Pag-aayuno (Siyam)

2

Ang Paglayo sa Anumang Makakasira ng Pag-aayuno



Ilan sa mga Pinahihintulutan Habang Nag-aayuno

- Pagtikim ng pagkain kung kinakailangan
- Paglunok ng laway
- Pagligo
- Paggamit ng Siwak
- Pagpapabango
- Pagpapalamig

Intensyon sa Boluntaryong Pag-aayuno:

Tama ang pag-aayuno sa anumang oras ng araw hangga't hindi nakakagawa ng anumang makakasira sa pag-aayuno, ngunit ang gantimpala ay nagsisimula mula sa oras ng pagpasya ng intensyon.

Intensyon (Niyyah)

1

Intensyon sa Obligadong Pag-aayuno:

Kailangang magpasyang mag-ayuno sa gabi para sa obligadong pag-aayuno — ibig sabihin bago magbukang-liwayway (fajr). Sapat na ang pagpasya sa simula ng buwan ng Ramadan, at ang lugar nito ay sa puso. Ang pagbigkas ng intensyon ay isang imbento (Bid'ah).

Ang mga Nakakasira ng Pag-aayuno (Siyam):
1-Sinasadyang pagkain o pag-inom, dahil tanggap na rason ang pagkalimot. 2- Pakikipagtalik tuwing umaga ng Ramadhan at obligado sa kanya ang pag-aayuno, ito'y mayroong mabigat na parusa. 3- Pagpapalabas ng semilya. 4- Anuman ang papasok sa kuhulugan ng pagkain at pag-inom, kagaya ng pagtuturok ng nutrisyon. 5- Bentosa (Hijamah) pagsipsip ng maduming dugo sa katawan. 6- Sinadyang pagsusuka. 7- Paglabas ng regla at dugo pagkatapos ng panganganak (Nifas).

Ang mga Kondisyon ng Obligadong Pag-aayuno

1-Islam (sa taong Muslim)

2-Tamang pag-iisip

3-Nasa hustong gulang, at maaaring hikayatin ang sinumang wala pa sa hustong gulang

4-Ang pagiging residente, at hindi obligado sa manlalakbay ang pag-aayuno, at maaring mag-ayuno ang taong manlalakbay base sa ginawa ng Sugo (suma kanya nawa ang kapayapaan ng Allah) upang makuha ang gantimpala ng buwan na ito.

5-Maayos na kalusugan.

6-Walang buwanang dalaw o pagdurugo dulot ng panganganak (Nifas).

Ang mga Ipinagbabawal sa Nag-aayuno:

- 1- Ang paglunok ng plema, subalit ito'y hindi nakakaputol ng pag-aayuno.
- 2- Ang paghalik sa asawa, sa mga taong hindi kayang pigilin ng kanyang sariling pagnanasa.
- 3- Ang masasamang gawain.
- 4- Ang kamangmangan (Jahl).
- 5- Ang hindi pag-break ng ayuno (pag-aayuno ng dalawang araw na sunod sunod).

Mga Kinumumuhian na Gawain Habang Nag-aayuno:

- 1- Ang sobrang pagmumog at pasinghot ng tubig.
- 2- Pagtikim sa pagkain nang hindi kinakailangan.

ANG MGA PALATUNTUNAN SA HAJJ

TAGALOG فلينية

هينم كان

TAWAFUL QUDUM (ANG TAWAF SA PAGDATING)

MAGLALAKAD LAMANG BAGO SA DALAWANG PALATANDAAN (BERDE ANG KULAY) AT KAPAG NALAGPASAN ITO AY MAARI NA TUMAKBO SA PAGITAN NG MGA PALATANDAAN NA ITO, ITO AY PARA SA MGA KALALAKIHAN LAMANG

2

PITONG BESES NA IIKOT (MAGSISIMULA SA ITIM NA BATO AT DITO RIN MAGTATAPOS)

PAGTATAPOS UMPISA

MIQAT NG MGA TAGA-SHAM AT EGYPT AL-JUHFAH 186 KM

MIQAT NG MGA TAGA-MADINAH DHUL HULAYFAH 420 KM

MIQAT NG MGA TAGA-IRAQ DHAT IRQ 98 KM

MIQAT NG MGA TAGA-NAJD QARNUL-MANAZIL 99 KM

MIQAT NG MGA TAGA-YEMEN YALAMLAM 99 KM

1

IHRAM

PAG INTENSYON SA PAGPASOK SA HAJJ

ANG MGA TAONG NAKASAKAY NG EROPLANO AY MAGSUSUOT NG IHRAM AT MAG INTENSYON KAPAG SILA AY NASA PINAKA MALAPIT NA MIQAT HABANG SILA NASA HIMPAPAWID

BUNDOK NG MARWAH

SA'EE (ANG PAGLALAKAD SA PAGITAN NG DALAWANG BUNDOK; SAFA AT MARWAH)

3

BUNDOK NG SAFA

PAGTAYO SA ARAFAH

5

MAGSISIMULA ITO MULA DHUHUR (IKASIYAM NAARAW) HANGGANG FAJR (IKASAMPUNG ARAW)
DITO AY SABAY MAGDADASAL NG DHUHUR (2 RAK'AH) AT ASR (2 RAK'AH) SA ORAS NG DHUHUR

GABI NG IKASIYAM NAARAW

SA IKASAMPUNG ARAW

MANANATILI SA MUZDALIFAH

6

DITO AY SABAY MAGDADASAL NG MAGHRIB (3 RAK'AH) AT ISHA (2 RAK'AH) SA IKASIYAM NAARAW AT FAJR SA IKASAMPUNG ARAW

ANG PANANATILI SA MINA

4

DITO AY MAGDADASAL NG DHUHUR, ASR, MAGHRIB AT ISHA SA IKAWALONG ARAW AT FAJR SA IKASIYAM NAARAW

SA IKASAMPUNG ARAW

MAGPAPAGUPIT O MAG-AAHIT NG BUHOK SA ULO

ANG PAGPAPAGUPIT O PAG-AAHIT NG BUHOK SA ULO AY PARA SA MGA KALALAKIHAN LAMANG AT PAGGUPIT NG KASINGHABA NG DULO NG DALIRI SA BUHOK NG KABABAIHAN

9

8

MAG-AALAY ANG MGA NAGSASAGAWA NG TAMATTU AT QIRAN

SA IKASAMPUNG ARAW

MAGBABATO NG PITONG MALILIIT NA BATO SA JAMRAH AL-AQABAH

7

MAGBABATO SA JAMARAAT AT MANANATILI SA MINA

SA IKASAMPUNG ARAW

MAGBABATO SA MALIIT NA JAMARAH PAGKATAPOS SA GITNA NA JAMARAH PAGKATAPOS AY SA MALAKING JAMARAH (SA PAGPASOK NG ORAS NG DHUHUR)

12

UNANG JAMARAH

IKALABING-ISA, LABING-DALAWA AT LABING-TATLO SA MGA NAHULI

13

HULING TAWAF BAGO UMALIS

TAWAF AL-IFAADHAH

10

SA'EE PARA SA MGA "TAMATTU" ANG KANILANG HAJJ O SA MGA HINDI NAKAPAG-SA'EE SA TAWAF NUNG SILA AY DUMATING

11

HINDI OBLIGADO SA MGA MAY BUWANANG-DALAW AT MAY DUGO DULOT NG PAGBUBUNTIS

- **ANG MGA HALIGI NG HAJJ;** ANG HINDI PAGESAGAWA NG ISA DITO AY HINDI TANGGAP ANG KANYANG HAJJ
- **ANG MGA WAJIBAT O OBLIGADO SA HAJJ;** ANG HINDI PAGESAGAWA NG ISA DITO AY DAPAT SYANG MAG-ALAY NG ISANG TUPA

alsarhaan.com
sarhaan.com

ANG MGA PALATUNTUNAN SA UMRAH

TAGALOG فليينية

TAWAF

2

PITONG BESES NA
IIKOT (MAGSISISMULA
SA ITIM NA BATO
AT DITO RIN
MAGTATAPOS)

PAGTATAPOS UMPISA

MIQAT NG MGA TAGA-SHAM
AT EGYPT AL-JUHFAH
186 KM

MIQAT NG MGA TAGA-MADINAH
DHUL HULAYFAH 420 KM

MIQAT NG MGA TAGA-IRAQ
DHAT IRQ 98 KM

MIQAT NG MGA TAGA-NAJD
QARNUL-MANAZIL 99 KM

MIQAT NG MGA TAGA-YEMEN
YALAMLAM 99 KM

1

AL-IHRAM

PAG-IINTENSYON
SA PAGPASOK
SA UMRAH

ANG MGA TAONG
NAKASAKAY NG EROPLANO
AY MAGSUSUOT NG IHRAM
AT MAG IINTENSYON KAPAG
SILA AY NASA PINAKA MALAPIT
NA MIQAT HABANG SILA
NASA HIMPAPAWID

PITONG BESES NA IIKOT

MAGLALAKAD LAMANG BAGO SA
DALAWANG PALATANDAAN (BERDE
ANG KULAY) AT KAPAG NALAGPASAN
ITO AY MAARI NA TUMAKBO SA
PAGITAN NG MGA PALATANDAAN NA
ITO, ITO AY PARA SA MGA
KALALAKIHAN LAMANG

AL-SAFAA

SA'EE (ANG PAGLALAKAD
SA PAGITAN NG DALAWANG
BUNDOK; SAFA AT MARWAH)

4

AL-MARWAH

MAAARING MAGSAGAWA NG
SALAH SA LIKOD NG MAQAM
(IBRAHIM (KUNG MAY KAKAYAHAN

3

ANG MGA
IPINAGBABAWAL NA
GAWAIN HABANG
NASA IHRAM

1 PAGTANGGAL/PAGGUPIT NG KAHIT ANONG BUHOK MULA SA ATING
ULO AT KATAWAN

2 PAGPUTOL NG MGA KUKO

3 PAGPAPABANGO

4 PAGPAPAKASAL (PARA SA SARILI MAN O PARA
SA IBA)

5 PAKIKIPAGTALIK

6 PANGANGASO NG KAHIT ANONG HAYOP
SA LUPA

1 PAGSUOT NG KAHIT ANONG SINADYANG TINAH
PARA SA ATING KATAWAN

2 PAGTATAKIP NG ULO KATULAD NG SOMBRERO

1 PAGSUOT NG NIQAB/BURQAA (PINAHIHINTULUTAN
KUNG MAY MAAARING MAKAKITA SA KANYA NA
LALAKI NA HINDI NYA MAHRAM)

2 PAGSUOT NG GUWANTES

MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN HABANG NASA
IHRAM (IPINAGBABAWAL SA MGA KALALAKIHAN LAMANG)

MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN HABANG NASA IHRAM
(IPINAGBABAWAL SA MGA KABABAIHAN LAMANG)

MGA PINAHIHINTULUTAN GAWIN SA UMRAH

1 PAGPUTOL NG KUKO O PAGTANGGAL NG BUHOK SA PRIBADONG PARTE NG ATING KATAWAN BAGO
MAGSAGAWA NG INTENSYON PARA SA UMRAH

2 PAGLIGO 3 PAGPAPABANGO SA KATAWAN (PARA SA LALAKI LAMANG)

4 PAGSUOT NG IZAAR AT RIDA'A (DALAWANG TELANG PUTI) PARA SA MGA KALALAKIHAN

5 PAGSABI NG TALBIYAH: "LABBAYKA ALLAHUMMA LABYAK . LABBAYKA LA SHARIKA LAKA LABBAYK . INNAL HAMDA
AN NI'MATA LAKA WAL MULK . LA SHARIKA LAK". (ITO AY MAAARING SAMBITIN MULA PAGTAPOS NG IHRAM
HANGGANG BAGO MAGSIMULA NG TAWAF)

6 IDHTIBA'A TUWING NASA TAWAF (PAGPAPAKITA NG KANANG BALIKAT- ITO AY PARA SA MGA KALALAKIHAN LAMANG)

7 PAGHALIK SA HAJAR AL-ASWAD (ITIM NA BATO)

8 AL-RAMAL (MABILIS NA LAKAD NA MA-IKSING HAKBANG) SA UNANG TATLONG IKOT SA TAWAF

9 PAGESASAGAWA NG DALAWANG RAKA'AH SA LIKOD NG MAQAM IBRAHIM

MAGPAPAGUPIT O MAG-AAHIT NG ULO

5

ANG PAGPAPAGUPIT O
PAG-AAHIT AY PARA SA MGA
KALALAKIHAN HABANG ANG
MGA KABABAIHAN AY
MAGGUGUPIT SA DULO NG
KANILANG BUHOK
(KASINGHABA NG DULO
NG DALIRI)

Ang mga tao ay may hilig at may pangunahing pangangailangan para dito. Gayunpaman, ang lipunan sa paligid niya ay nakakaapekto sa kanila. Ang mga ito ay nabanggit sa maraming tamang hadith ng propeta.

Ang mga Kaugalian (Sunan)	Ang Hatol	Paliwanag
[1] Paggugupit ng Bigote	Ito ay Sunnah, at Makruh kung ito ay ganap na inahit	Ang Sunnah tungkol sa bigote ay gupitin ito at bawasan, at kunin mula rito hanggang lumitaw ang mga gilid ng labi.
[2] Pagpapahaba ng balbas	Obligado	Ipinagbabawal ang pag-ahit ng balbas; dahil ito ay sumasalungat sa utos ng Propeta na pagpapahaba nito
[3] Paggamit ng Siwak	Binibigyang-diin na Sunnah	Paggamit ng patpat mula sa 'Ood Al-Araak' o anumang katulad nito, upang linisin ang mga ngipin. Ito ay Sunnah sa lahat ng oras, at ito ay pinagtitiyay: kapag nagsasagawa ng Wudhu, kapag nagdarasal, pagpasok sa bahay at mosque, pagbabasa ng Qur'an, pagbangon mula sa pagtulog at paggising, sa kamatayan, at pagbabago ng amoy ng ang bibig.
[4] Paglilinis ng ilong gamit ang tubig	Kabilang sa gawain Sunnah sa Wudhu	Paghuhugas ng ilong sa pamamagitan ng pagsinghot ng tubig dito at pagkatapos ay pagsinga nito.
[5] Pagputol ng mga kuko	Sunnah, at hindi nararapat na antalahin ito nang higit sa 40 araw	Putulan ang mga kuko, at gupitan ito; dahil ang pag-iwan dito ay dahilan para matipon ang dumi sa ilalim nito.
[6] Paghuhugas ng mga kasukasuan	Sunnah	Paglilinis sa mga bahagi na natitipon ang dumi rito; tulad sa mga kasukasuan at mga pagitan ng daliri.
[7] Pagbunot ng buhok sa kili-kili	Sunnah, at hindi nararapat na antalahin ito nang higit sa 40 araw	Ito ay pagtanggap ng buhok na tumutubo sa kilikili, ito man ay natanggap sa pamamagitan ng pagbunot, pag-ahit, atbp. dahil ang pag-aalis nito ay mula sa kalinisan at tinatanggal ang mabahong amoy.
[8] Pag-ahit ng buhok sa ari	Sunnah, at hindi nararapat na antalahin ito nang higit sa 40 araw	Ang buhok sa paligid ng mga pribadong bahagi. Maaari itong alisin nang walang pag-ahit; Tulad ng mga manufactured removers.
[9] Paggamit ng tubig panlinis (Istinjaa)	Kabilang sa kaugalian sa paggamit ng palikuran	Ang pag-alis ng dumi na lumalabas sa dalawang labasan ng dumi, sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig at mga katulad nito, mula sa labasan, at paligid nito.
[10] Pagmumog	Kabilang sa mga Sunnah ng Wudhu	Paghuhugas ng bibig sa pamamagitan ng pagpasok ng tubig dito at pagkatapos ay iduwal ito.
Isinalaysay ni 'Ā'ishah, -Radhiyallahu Anha- na ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "May sampung kasanayan na bahagi ng Fitrah: ang paggupit ng bigote, ang pagpapalago ng balbas, ang paggamit ng Siwāk, ang paglinis ng ilong gamit ang tubig, ang pagputol ng mga kuko, ang paghugas ng mga kasukasuan ng daliri, ang pagbunot ng buhok sa kilikili, ang pag-ahit ng buhok sa ari, at ang paggamit ng tubig panlinis [kapag umihi o dumumi]." Sinabi ng tagapagsalaysay: Nakalimutan ko ang ikasampu, ngunit maaaring ito ay pagmumug sa bibig. [Inulat ni Muslim].		
[11] Pagpapatuli	Obligado para sa mga lalaki, Sunnah para sa mga kababaihan kung kinakailangan	Ito ay ang pagputol ng balat na sumasakop sa ulo ng ari; upang ang dumi ay hindi matipon dito, at upang maka-iwas sa dumi ng ihi.
Sa salaysay ni Abu Hurayrah na ang Propeta ﷺ, ay nagsabi: "Limang bagay ang bahagi ng fitrah: Pagtutuli..." Napagkasunduan Ulat nina (Bukhari at Muslim)		

و لا تقف ما ليس لك به علم
Huwag mangahas ng magsalita
tungkol sa anumang wala kang
nalalaman dito.

و لا تلبسوا الحق بالباطل
Huwag ninyong paghahaluin
ang katotohanan at
kasinungalingan

و لا تعثوا في الأرض مفسدين.
At huwag umabuso sa lupa
at maghasik ng kasamaan.

و لا تعتدوا.
At huwag kayong
magmalabis

و اغضض من صوتك.
At hinaan ang tinig
iyong tinig.

و اخفض جناحك للمؤمنين.
Magpakumbaba ka sa mga
mananampalataya

و لا تصعر خدك للناس
Huwag mong talikuran ang
mga tao

و لا تمش في الأرض مرحا
Huwag maglakad sa lupa na
mayabang.

ادفع بالتي هي أحسن.
Gumanti sa pamamagitan ng
mas mainam

خذ العفو و أمر بالعرف.
Kunin mo ang ibinigay nila,
iutos ang kabutihan

و اعرض عن الجاهلين.
At lumayo sa mga
mangmang.

و اقصد في مشيك.
Maging katamtaman sa
iyong paglakad

و لا تنايخوا باللقاب.
At huwag magtawagan ng
masamang pangalan.

و لا تأكلوا أموالكم بينكم بالباطل
Huwag ninyong kainin ang
yaman ng isa't isa nang
walang katarungan

لا تبطلوا صدقاتكم بالبن و الأذى
Huwag ninyong pawalang saysay ang
inyong mga kawanggawa sa
pamamagitan ng panunumbat o
pamiminsala

ادع إلى سبيل ربك بالحكمة
Mag-anyaya tungo sa landas
ng iyong Panginoon nang
may kaalaman

اجتنبوا كثيرا من الظن
layuan ninyo ang karamihan
sa mga paghihinala.

و لا تجسسوا.
Huwag maniktik

و لا يعتب بعضكم بعضا
At huwag libakin ang isat-
isa.

لا يسخر قوم من قوم
Huwag mang-alipusta ang
sinuman sa inyo laban sa iba pa

و اطعموا البائس الفقير
At pakainin ang mga
mahihirap.

و بالوالدين إحسانا و ذي القربى و اليتامى
Maging mabuti sa inyong mga
magulang at sa mga kamag-
anak, mga ulila

و إذا حيينم بتحية فحيوا بأحسن منها
Kapag kayo ay binati ng isang
pagbati ay gantihan ninyo ito ng
mas mainam o katulad nito.

ادخلوا في السلم كافة
pumasok sa Islam nang
buung-buo

و قولوا قولا سديدا
At magsabi lamang ng
matuwid na pananalita.

أنفقوا مما رزقناكم
Magtustos kayo mula sa
biniyaya Namin sa inyo

و أتوا اليتامى أموالهم
Ibigay ninyo sa mga ulila
ang kanilang mga
kayamanan

و لا تبدلوا الخبيث بالطيب
Huwag ninyong palitan ng
sira ninyong gamit ang
maayos nilang gamit.

و احفظوا أيمانكم
Pag-ingatan ninyo ang
inyong mga panunumpa.

و تعاونوا على البر و التقوى
Magtulungan kayo sa
kabanalan at takot sa Allah

و لا تعاونوا على الإثم و العدوان
At huwag kayong
magtulungan sa kasalanan at
kasamaan

و قولوا للناس حسنا
Magasabi kayo sa tao ng
kabutihan.

كونوا قوامين بالقيسط
Maging tagapagtaguyod ng
katarungan

و زنوا بالقسطاس المستقيم
At magtimbang nang may
tamang timbang.

و أوفوا الكيل إذا كنتم
Ibigay ang tamang sukat kapag
nagsukat kayo

و أوفوا بعهد الله إذا عاهدتم
Tuparin ninyo ang kasunduan
sa Allah kapag
nakipagkasunduan kayo

اعدلوا
Maging makatarungan



Sino si Propeta Muhammad ﷺ, at ano ang itinuro niya sa atin?

- Siya ang nagtanggol sa mga karapatan ng sangkatauhan mula noong 1400 taon na ang nakalilipas.
- Iningatan niya ang mga karapatan ng lalaki, babae, bata, at mahihina.
- Pinrotektahan niya ang mga karapatan ng mga hayop at kapaligiran at naghinimok sa pangalagaan ang lupa.
- Inutusan niya tayong magkaroon ng mabuting asal; itinaguyod at itinayo niya ang mga relasyon sa pagitan ng mga kamag-anak at kapitbahay.
- Nagtatag siya ng isang relasyon ng magkakasamang buhay sa pagitan ng mga Muslim at di-Muslim.
- Siya ay nagtaguyod at nagbalangkas ng mga relasyon sa pamilya na ginagarantiyahan ang dakila at makabuluhang karapatan ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Who was Prophet Muhammad ﷺ, and what did he teach us?

- Ipinagbawal niya ang pang-aapi at nanawagan para sa katarungan, pag-ibig, pagkakaisa, at pagtutulungan sa kabutihan.
- Nanawagan siya sa pagtulong sa nangangailangan, pagdalaw sa mga maysakit, pagmamahalan, at pagpapayo sa isa't isa.
- Ipinagbawal niya sa mga Muslim ang masamang pakikitungo tulad ng pagnanakaw, pagdaraya, karahasan, at pang-aapi.
- Siya ang nagpabago sa ating buhay at etika mula sa masama tungo sa mabuti.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag magnakaw.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag magsinungaling.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag uminom ng alak.

Who was Prophet Muhammad ﷺ, and what did he teach us?

- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag mangalunya.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag mandaya.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag makipaglaban sa mga inosenteng tao.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag saktan ang kanilang mga kapitbahay, Muslim man, at hindi Muslim.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na maging mabait sa kanilang mga magulang at paglingkuran sila, kahit na hindi sila nasa parehong relihiyon.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na magpakita ng kabaitan sa mga bata, kababaihan, mahihina, at matatanda.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag saktan ang sinumang tao o hayop, at huwag magdulot ng pinsala sa kapaligiran.

Who was Prophet Muhammad ﷺ, and what did he teach us?

- Tinuruan niya ang mga Muslim na mahalín ang kanilang asawa, alagaan ang kanilang mga anak, at magpakita ng awa sa kanila hanggang sa huling araw ng kanilang buhay.
- Tinuruan niya ang mga Muslim na huwag iwanan ang kanilang relasyon sa kanilang mga anak kahit na sila ay nasa hustong gulang na.
- Ang bawat Muslim ay nagmamahal kay Muhammad ﷺ nang higit sa iba pang nilikha.
- Si Propeta Moses at Hesus ay nagbigay ng masayang balita tungkol sa kanya.
- Ang bawat Muslim ay nagmamahal kay Moises at Hesus - sumakanila nawa ang kapayapaan - at naniniwala na sila ay kabilang sa mga pinakamahusay sa mga Propeta, sumakanilang lahat ang kapayapaan.
- Si Propeta Muhammad ﷺ ay ipinadala sa mga Arabo at hindi Arabo.

Who was Prophet Muhammad ﷺ, and what did he teach us?

- Walang kahigitan sa kanyang relihiyon sa pagitan ng mga Arabo at di-Arabo maliban sa kabanalan.
- Katotohanan, siya ay si Muhammad ﷺ.
- Alam mo na ba ngayon kung bakit mahal ng lahat ng Muslim si Muhammad ﷺ?
- Alam mo na ba ngayon kung ano ang ibig sabihin ni Muhammad ﷺ para sa mga Muslim?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Muhammad ﷺ at sa kanyang mga turo, mangyaring bisitahin ang :



Website ng Shaykh



sarhaan.com



Mahad Assunnah



mahadsunnah.com